# RESOLUSYON BLG. 2025-170

## "NAGGAGAWAD O NAGBIBIGAY PAGKILALA SA SOLO PARENTS FEDERATION DITO SA BAYAN NG BUSTOS, BULACAN."

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*

**Igg. Phillip Wryner B. Santos**

*Tagapangulo*
**Pinagsanib na Lupon sa Kagalingang Panlipunan, Kababaihan, Pamilya at Kasarian**
at
**Lupon sa Mga Tuntunin, Pribilehiyo, Usaping Pambatas, Serbisyo Sibil, Mabuting Pamamahala, Kabuhayan, Paggawa at Karapatang Pantao**

---

**SAPAGKAT**, isinasaad sa Seksyon 34 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal, na ang Pamahalaang Lokal ay dapat magsulong ng pagtatag at pagpapatakbo ng mga non-governmental organization upang maging aktibong katuwang sa paghahangad ng lokal na awtonomiya;

**SAPAGKA'T**, noong ika-23 ng Hunyo 2025 ay ibinaba ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal ang Memorandum Circular No. 2025–060 na nauukol sa "*Guidelines on the accreditation of civil society organizations and selection of representatives to the local special bodies*";

**SAPAGKA'T**, sang-ayon sa nasabing Memorandum Circular 2025–060 ay maaring bigyang pagkilala or *recognition* ang mga samahan kahit na ito ay may mga kulang na dokumento;

**SAPAGKA'T**, isa sa mga tungkulin ng Sangguniang Bayan ay bigyang lakas at tinig ang partisipasyon ng mamamayan sa Pamahalaan;

**SAPAGKA'T**, sa ginanap na pagaaral ng Lupon ay minarapat na bigyan ng Sertipiko ng Pagkilala ang lahat ng mga Organisasyong Di–Pampamahalaan (*Non-Governmental Organization*) na hindi pa nabibigyan ng sertipiko ng Akreditasyon.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. PHILLIP WRYNER B. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyan o gawaran ng pagkilala ang Solo Parents Federation dito sa bayan ng Bustos, Bulacan.

**PINAGTIBAY** ngayong ika-27 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
Kasangguni

**Romeo B. Cabalquinto**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Gliceria M. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay

**Mel Ryan P. Juan**
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-27 ng Oktubre taong Dalawanlibo Dalawampu't Lima.

**Atty. Gerardo S. Briasa**
Kalihim